

TRANSISYON: ISANG POSITIBONG SIMULA SA PAARALAN

Polyeto ng Impormasyon para sa mga Pamilya

Habang ikaw at ang iyong anak ay naging palagay na sa taong ito, ang pagsisimula sa paaralan ay tila napakatagal pa. Maaaring maging mapanghamon at kapana-panabik ang pagsisimula sa paaralan, at ang polyeto ng impormasyon na ito ay nag-aalok ng ilang impormasyon kung paano ang programa ng maagang pagkabata ng iyong anak ay makasusuporta sa iyo at sa transisyon ng iyong anak sa paaralan habang umuusad ang taon.

Ang iyong anak ay nakaranas na ng maliliit at malalaking transisyon sa buhay. Kung paano tumugon ang iyong anak sa bago/di-gaanong pamilyar na kapaligiran (halimbawa, kapag nagbabakasyon kayo, nagsisimula sa childcare o kindergarten, nagpupunta sa mga playdate, maging ang pagtransisyon mula sa isang aktibidad o patungo sa susunod) ay naglalarawan kung paano tinutugunan ng iyong anak ang mga bagong sitwasyon at kung paano siya pinakamahusay na masusuportahan.

BAKIT MAHALAGA ANG ISANG POSITIBONG SIMULA SA PAARALAN?

Ang positibong simula sa paaralan ay hahantong sa mas mahusay na kalalabasan ng pagkatuto at kagalingan ng iyong anak sa transisyon at pagkatapos nito. Ito ay tumutulong na suportahan ang patuloy na pagkatuto at pag-unlad ng iyong anak at sumusuporta sa pagkakaroon niya ng ligtas ang pakiramdam, tiwala sa sarili at pagiging konektado sa mga bagong tao at lugar.

PAGPAPALISTA NG IYONG ANAK SA PAARALAN

Karamihan sa primaryang paaralan ay nagsisimula ng kanilang mga proseso ng pagpapatala sa Mayo, ang taon bago magsimula ang mga bata sa paaralan. Kapag pinatala mo ang iyong anak sa paaralan, maaari mong lubusin ang mga oportunidad na makilala ang mga paaralan sa pamamagitan ng mga programa at gawain sa transisyon sa paaralan. Ang pinakamabisang mga transisyon ay nagsisimula bago magtapos ang taon at nagpapatuloy makaraan ang mga unang ilang araw ng paaralan.

TRANSISYON SA MGA PROGRAMA AT GAWAIN SA PAARALAN

Ang paglahok sa mga programa at gawain sa transisyon sa paaralan ay makakatulong sa iyo at sa iyong anak na makamit ang mas mahusay na pag-unawa kung ano nga

ba ang paaralan at makapagtatag ng mga pagkakaibigan sa iba pang mga bata at pamilyang papasok sa paaralan.

PAHAYAG SA TRANSISYON SA PAGKATUTO AT PAG-UNLAD

Ang guro sa unang bahagi ng pagkabata ng iyong anak ay magsusulat ng Pahayag sa Transisyon sa Pagkatuto at Pag-unlad (*Transition Learning at Development Statement*)

Binubuod nitong Pahayag sa Transisyon ang mga hilig kasanayan at kakayahan ng iyong anak. Tutukuyin din nito ang indibidwal na mga pagdulog atistratehiya sa pagtuturo upang mapabilis ang pagkilala sa iyong anak ng paaralan at guro sa prep at makapagplano ng naaangkop na mga programa sa pagkatuto at pagtuturo.

Kung nagpapalano kang ipasok ang iyong anak sa serbisyong Pangangalaga sa Labas ng mga Oras ng Paaralan (Outside School Hours Care o (OSHC), ang Pahayag sa Transisyon ay maibabahagi rin sa mga serbisyong OSHC. Ang Pahayag sa Transisyon ay tumutulong sa mga tagapagturo ng OSHC na magplano para sa mga hilig ng iyong anak at suportahan ang pagpapatuloy mula sa paaralan ng unang bahagi ng pagkabata hanggang sa OSHC.

Ang Pahayag sa Transisyon ay maaaring makatulong sa iyong maunawaan, suportahan, makipag-usap tungkol sa iyong anak at itaguyod ang kanyang pagkatuto sa kanyang transisyon sa paaralan. Bibigyan ka ng isang kopya ng kinumpletong Pahayag sa Transisyon ng iyong anak.

Ang Pahayag sa Transisyon ng iyong anak ay naglalaman ng ilang personal na impormasyon tungkol sa iyong anak, kabilang ang kanyang pangalan, petsa ng kapanganakan at larawan, pati na rin ng iyong pangalan at mga detalye ng kontak. Kung kailangan, kalakip rin nito ang pangalan at mga detalye ng kontak ng iba pang mga propesyonal sa unang bahagi ng pagkabata na sumusuporta sa iyong anak.

Ang Pahayag sa Transisyon ay karaniwang nakasulat sa Termino 4, ngunit kung ang iyong anak ay may kapansanan o naantalang pag-usad, ang guro sa unang bahagi ng pagkabata ng iyong anak ay maaaring sumulat ng maagang Pahayag sa Transisyon sa bandang Hunyo/Hulyo bilang panimulang usapan sa iyo at sa piniling paaralan ng iyong anak tungkol sa kinakailangang mga suportang kasama.

Dahil mas kilala mo ang iyong anak, ang ambag mo sa pahayag ay mahalaga. Ikaw ay iimbitahan na punan ang isang seksyon ng Pahayag sa Transisyon. Ang pagsagot sa seksyong ito ng Pahayag sa Transisyon ay makakatulong sa paaralan upang malaman kung paano sila maaaring makatulong sa iyo at sa iyong anak upang pareho kayong magkaroon ng mahusay na pagsisimula sa paaralan.

Mayroon ding isang seksyon para sagutan ng iyong anak (sa tulong ng isang nakatatanda, na maaaring ikaw o ang guro sa unang bahagi ng pagkabata). Ang seksyon na ito ay karaniwang may kasamang larawang ginuhit at nagtatala kung ano ang nakakausisa sa iyong anak tungkol sa paaralan at kung ano ang palagay niya tungkol sa pagsisimula ng paaralan.

KUNG PAANO IBINABAHAGI ANG IMPORMASYON SA PAARALAN NG IYONG ANAK

Mula 2018, ang Pahayag sa Transisyon ay makukumpleto, ibabahagi at iimbak gamit ang online tool na naka-host sa *Insight Assessment Platform* (isang online na platapormang naglalaman ng mga gamit/instrumento sa pagtatasa). Ang lahat ng impormasyong naka-host sa *Insight Assessment Platform* ay nakaimbak nang ligtas sa loob Australya.

Ang *Insight Assessment Platform* ay ginagamit na sa lahat ng mga paaralan ng pamahalaan sa Victorian at nagpapahintulot sa mga paaralan upang lumikha ng isang nagtatagal na rekord ng pagkatuto at pag-unlad ng iyong anak. Ang ilang Katolika at Independenteng paaralan ay maaari ring makatanggap ng Pahayag sa Transisyon ng iyong anak sa pamamagitan ng *Insight Assessment Platform* o makatatanggap sila ng isang nakasalalay sa papel o elektronikong kopya mula sa serbisyo ng unang bahagi pagkabata ng iyong anak.

Ang Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay (ang Kagawaran) ay nangontrata ng ilan sa mga tungkulin nito, sa panlabas na mga tagataguyod ng serbisyo (external service providers). Kapag nangyayari ito, ipinag-uutos ng Kagawaran na magkaroon ng mga hakbang sa pangangalaga ng seguridad ng data bilang bahagi ng proseso ng pangongontrata. Ang Kagawaran ay nagsagawa ng isang pagtatasa sa epekto sa pribasiya ng *Insight Assessment Platform* upang tiyakin ang pagtalima sa Patakaran sa Pribasiya ng Impormasyon ng Kagawaran at sa mga batas na may-kinalaman sa pribasiya www.education.vic.gov.au/Pages/privacypolicy

Ang impormasyon mula sa Mga Pahayag sa Transisyon at ilang data sa pagpatala sa paaralan ay maaaring gamitin ng Kagawaran para sa mga layuning pagsubaybay at pananaliksik. Ang impormasyon na ito ay ilalahad sa isang pang-istadistikang porma (hal. mga numero at grapo) at **hindi** papangalanan ang indibidwal na mga bata.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa *Insight Assessment Platform*, makipag-ugnayan sa Department of Education and Training sa psts@edumail.vic.gov.au.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Mangyaring bisitahin ang www.education.vic.gov.au/transitiontoschool

Ang dokumentong ito ay isinalin sa isang hanay ng mga wika na makukuha sa www.education.vic.gov.au/transitiontoschool.